# R I V E R  L E T H E

## SYNOPSIS

A room in a small lover's hotel is sanitized, preparing it for its next occupant. Abe and Mara, two cancer patients who just finished with their early morning chemotherapy sessions, check in before returning to their regular lives. In snapshots, we see the few hours they are together exploring fetishes, kinks, uncanny sex and hopeless medical conditions - the nakedness of their bodies shadowing intimacies that nobody outside the room will ever know. All is left in the cramped space to be forgotten - a dip in the mythical River Lethe, where one drinks to forget.

**MGA TAUHAN**

**MARA**

Babae

**ABE**

Lalaki

**MGA TAGALINIS**

*Motel Room:*

*Payak na silid – ito 'yung tipong silid na siniksik sa mga awkward na bahagi ng isang gusali kaya maraming mga kakatwang espasyo.*

*Maliit na anteroom*

*Shower na aninag sa likod ng frosted glass*

*Maliit na mesang kainan na may dalawang upuan*

*Kama*

## PROLOGUE

*Dadatnan nating magulo at gamit na ang silid.*

*(Dapat ay walang pagpatay ng ilaw sa bahaging ito ng palabas.)*

*Darating ang dalawang taong may dalang cleaning cart.*

*Magsusuot sila ng mga surgical mask, at magisismulang magligpit.*

*(Hindi sila mga tunay na tauhan ng dula - maaaring gampanan ng mga stage hands o sino mang gusto isama ng produksyon.)*

*Bilang ang kanilang mga kilos sa paglilinis –*

*(at ang ilang bahagi ay maaring gawin ng magkahiwalay)*

*Tatanggalin ang bedsheet*

*Magiispray ng disinfectant sa leatherette na kama*

*Pupulutin ang lahat ng mga naiwang basura*

*Imomop ang banyo*

*Magbubukas ng malaking selyadong plastic na may lamang pamalit na gamit*

*Papalitan ang bedsheet*

*Aayusin ang mga amenities tulad ng towels, condom at mga tsinelas*

*Sa pagiging kalkulado ng kanilang mga kilos at galaw, iisipin mong naglilinis sila ng isang hospital room.*

*Kukuha ang isa ng clipboard at babasahin isa-isa ang mga nakalista.*

*Sa bawat puntong sasabihin, ay sasagot ang isa pa ng "Done."*

*Papatayin nila ang mga ilaw ng silid.*

*Bubuksan ang pinto, lalabas.*

*Tanging maiiwan ay ang ilaw sa anteroom.*

*Mula sa labas, maririnig natin ang "Good morning, Ma'am, Good morning, Sir."*

*Saglit.*

*Magdidilim ang silid para sa simula ng dula.*

**-oOo-**

*Magsasara ang pinto. Magliliwanag sa anteroom.*

*Ang ibang bahagi ng silid ay maaaninag lamang sa ilaw na tumatagos mula banyo.*

*Nakatayo si ABE sa anteroom.*

*Nakaupo si MARA sa kama.*

*Tableau. Saglit.*

ABE : Kumusta, nahihilo ka?

MARA : Medyo. Weird itong bagong cycle na binigay sakin kanina. Nakahihilo kapag nakaupo, nakahihilo kapag nakahiga.

ABE : So mukhang nahihilo ka nga, ano?

MARA : Gago. Ganito rin gamot mo noong February, right?

ABE : January. Ikalimang cycle ko.

MARA : Oh. Sa akin, ikatlo. Abe, may itatanong ako sa'yo.

ABE : Ano?

MARA : Ilang cycle daw ang susubukan sa 'yo?

ABE : Anim.

MARA : Kung wala?

ABE : ‘Di wala. Herbal. Bahala na.

MARA : Magiging ok ‘yan.

ABE : Ayoko isipin. Nakaka-stress. (*Saglit*) Steady lang ‘yang gamot na ‘yan from what I remember. Sa unang araw, ha? Pero iyong bukas saka makalawa huwag ka na pumasok.

MARA : Hassle. Audit pa naman namin.

ABE : Sabihin mo na kasi sa office.

MARA : Ayoko nga. Ang dami nilang tatanungin, mahirap mag explain. Sabihin ko na lang food poisoning mas madaling ikuwento. Ikaw nga, hindi mo naman sinasabi sa asawa mo.

ABE : Sinabi ko iyong una. Itong nag metastesize ang hindi. Maisstress lang ako. Bakit ba natin pinaguusapan si Meg?

MARA : Ok. Sorry. (*Saglit*) Bakit pala sa tingin mo sa’yo fifth cycle siya pero sa akin, third? Hindi kaya ginagago lang tayo?

ABE : Well, iba-iba ang katawan ng tao.

MARA : Hindi rin.

ABE : Honestly, matagal na akong tumigil sa pagtatanong. (*Papasok, magsisimulang ayusin ang kanilang mga gamit*) Ok ka lang?

MARA : Ano ba ang magagawa... May porn kaya sila dito?

ABE : Hindi. Sa kabilang motel 'yun. Wholesome dito. Pampamilya saka business meeting, o kapag magpapalipas ka ng traffic. Puwede rin sa mga study session with friends, gaya ng ng sabi dun sa mga poster nila sa baba.

MARA : Yeah, totoo 'yan. Ayan o, condom.

ABE : Iuwi mo.

MARA : Sira.

ABE : Gusto mo ng extra? May dala ako. Extra large.

MARA : Feeling nito.

ABE : Extra large naman ako.

MARA : Sira. Sabi ko, para namang may paggagamitan ako niyan –

ABE : Ah.

MARA : – sa labas. Sa labas nito.

ABE : Kala ko hindi ka nalalakihan sakin.

MARA : Malay ko naman. Titi mo pa lang ang nakita ko.

ABE : Joke lang. Normal lang itong sakin. Hindi ka luluwag.

MARA : Kadiri ka. Alam mo ikaw, para kang taong kanto magsalita minsan.

*Uupo si Abe sa likod ni Mara, maglalambing.*

ABE : Higa ka kaya muna?

MARA : I'm fine. Sa ngayon ha. Ikaw ba?

ABE : Init na init ako. I mean, ‘tanginang gamot yan, para akong nilalagnat. Sensitive ka today? Gusto mo ng yakap?

MARA : Ang gusto ko, kumain. Tignan mo nga sa menu kung ano’ng masarap.

ABE : So sensitive ka ba?

MARA : Ano ba – iyong feeling sa skin? Hindi naman. Actually, alam mo, hindi ako naiinitan today gaya mo, hindi tulad ng dati.

ABE : So gusto mo nga ng yakap?

MARA : Gusto ko ng pera!

ABE : Hindi bale. Sagot ko itong today.

MARA : Biro lang naman. Nabigyan ako ni Bea.

ABE : Ako, hindi sensitive today.

MARA : Tingin mo tatayuan ka?

ABE : Bakit type mo ba mag sex mamaya?

MARA : Masarap kasi labasan. Saka sayang naman ang ibabayad natin dito.

ABE : Sagot ko nga itong ngayon.

MARA : So depende mamaya, sex tayo ha?

ABE : Sige ba. Basta huwag mo 'kong sukahan. (*Tatawa sa sariling biro. Titigil. Saglit*)

MARA : Ilang cycle trials ka ba?

ABE : Pito.

MARA : Talo ka kung fail ito.

ABE : Hello, herbal.

MARA : Gago. (*Saglit*) Therefore, sex tayo mamaya, ha? (*Saglit*) Ano ba, yayakap ka ba?

ABE : Namimili ako sa menu.

MARA : Yumakap ka na. Yumakap ka, tapos sabay tayong pumili ng menu.

ABE : Akala ko ba kasi ako ang pipili?

MARA : (*Hihilahin ang mga menu kasabay ng kamay ni Abe payakap sa kanya*) Ako ang gutom, so ako mahalaga ang opinyon ko siyempre.

*Malambing at masuyo sa isa't-isa, sisipatin ni Mara ang menu habang hinahagkan-hagkan siya ni Abe sa leeg.*

ABE : Naligo ka kanina?

MARA : Hindi. Kakatapos ko lang tumae noong sinundo mo ako e.

ABE : Maligo ka mamaya ha.

MARA : Maasim ba?

ABE : Maasim pero masarap.

MARA : Hanapin mo sa tv ang porno mamaya. Try natin mamaya iyong parang pang-porno. I-sirko-sirko mo ko. Gawa tayo ng porno, iyong bastusan talaga. Saka gusto ko ng fish fillet na steamed saka fried chicken itong free kapag hindi sila nag bow sa'yo. Itawag mo na.

*Magdidilim ang silid.*

*Saglit.*

*Pagliwanag, nasa mesa ang halos hindi pa nagalaw na pagkain.*
*Tapos ng kumain si Mara.*

MARA : Ayaw mo talaga, Abe?

ABE : Hindi nga ako puwede.

MARA : Ano'ng mangyayari kung kakain ka?

ABE : Naku, susuka ako ng susuka kapag hapon. May PTA meeting pa mamaya sa school ng mga bata.

MARA : Hassle nga. (*Malambing*) Iligpit mo naman itong food.

ABE : Hayaan mo lang siya diyan. Hihingi ako ng plastic mamaya bago tayo mag check-out.

MARA : Ayoko kasing makita. Nabubuwisit ako.

ABE : Ang lakas talaga ng trip mo minsan. Hindi mo na nga halos ginalaw.

MARA : Basta ayokong makita. Malakas ang amoy.

*Ilalabas ni Abe sa anteroom ang natirang pagkain at isasara ang pinto palabas dito. Maghuhubad siya ng tshirt at kukuha ng tuwalya.*

MARA : Nakausap mo pala kanina si Morris? Nag around the world daw sila noong partner niyang bakla.

ABE : Ayoko nga kausapin 'yun. Maiinggit lang ako.

MARA : Ito ang nakakatawa – nag complete recovery daw siya. Pero noong kinukuwento niya, parang hindi siya masaya.

ABE : Anong ginagawa niya kanina kung ok na siya?

MARA : Pinamimigay 'yung ibang gamot niya.

ABE : Kumuha ka?

MARA : Oo. Para sa iyo. Kayo ang pareho ng prescription, hindi kami.

ABE : Suwerte talaga ng ibang tao, ano?

MARA : Stage two lang naman kasi 'yun. O A. lang talaga siya.

ABE : Pero masuwerte pa rin. Sino ba naman ang ayaw mag around-the-world? Noong una nga, may mga ganyan din akong kalokohan. Gusto ko rin mag bunjee jumping sa kung saan, mag ikot sa lahat ng bansa ng Europe, saka kung ano ano pa. Kaya lang, kaninong puwet ng dimonyo ko naman kukunin ang panggastos dun –

MARA : May extra shirt ka? Gusto ko ng boyfriend shirt.

ABE : Oo. Nasa bag. Ligo lang ako.

MARA : Sabay ako. (*Huhubarin ang suot na pang-ibabaw. Mapapansing napatigil si Abe sa ginagawa.*) Oops, buhok. (*Kunwaring may dudukuting nalaglag na buhok sa cleavage, at masuyong lalaruin ito ng mga darili*) Ganda ng bra ko ngayon, ano? Mas nakaka-horny ang suso ko dito 'no?

ABE : Papasain ka nga pala. Medyo matindi. Ewan ko ba. Ayan nagsisimula na. Ganyan ako sa gamot na yan. (*Iyuyugyog ni Mara ang dede*) Pero ayos pa rin. Pero mas malaki ang mga suso ko kaysa sa iyo.

MARA : (*Hahablutin sa bandang sinturon si Abe at hihilahin itong palapit sa kanya. Bubuksan ang siper at ipapasok ang kamay sa loob.*) Ipa-extra large mo si bunso. Large pa lang ‘to e. Kapag extra-large na kakainin ko. (*Hahaplusin sa dibdib si Abe*) Ang laki nga ng suso mo ngayon, ano? Bakit bigla ang pagtaba mo?

ABE : May steroids ‘yung sa pang-gabi ko.

MARA : Ah, ok. Sige, since ang laki ng suso mo, pa dede ha. Pa dede ang baby ha. (*Didilaan sa utong si Abe. Pa-baby talk* – ) Tamit ng dede ni daddy. Pa dede ti baby ha. Tapot mamaya guto ko dito ko dede sa titi ni daddy para may milk.

(*Lalamasing maigi ni Mara ang ari ni Abe sa loob ng pantalon at seseryosihin ang pagroromansa sa dib-dib nito. Parubdob ito ng parubdob, at unti-unting na silang pumapasok sa banyo.*

*Mula sa likod ng frosted glass window ay maaaninag nating huhubaran na nila ang isa’t-isa at magtutulakan papuntang shower. Itutuwad ni Abe si Mara at luluhod sa likod nito para siya’y brotsahin.*

*Matagal at malakas na uungol si Mara.*
*Unti-unting hihina. Saglit,*)

Ito pala interesting dun sa mga kuwento ni Morris kanina.

ABE : Ha? Hindi ba masarap.

MARA : Masarap. Don't stop, please. (*Babalik sa pag brotsa si Abe*) Pero may naisip kasi ako. Kasi nagpapatingin daw siya habang nagbabiyahe sila. Iyon daw pag-disappear nung tumor niya, bigla daw iyon. Bale, nalaman niyang nawala after noong magpunta siya dun sa Miraculous Mother of Guadalupe sa Mexico. I-google mo nga kung pareho lang iyon dun sa Guadalupe dito. May Miraculous Mother dito 'di ba?

ABE : Ha? Ewan ko. Ang sarap mo.

MARA : I-google mo nga.

ABE : Puwedeng mamaya na? Kumakain pa ako. Ikaw ang nanlibog e.

MARA : Ok lang naman tayo mag-fuck na, pero i-google mo nga. Sakali, punta tayo.

ABE : Shit naman. Sampalin kaya kita ng titi ko.

MARA : Uy, atat. Gusto ko 'yan. Pero hanapin mo muna sa net.

ABE : Sige. Pero mamaya na.

MARA : Ok. Sige lang. Huwag ka tumigil, please.

*Sisimulang pag-igihin muli ni Abe ang kanyang pagbrotsa.*

*Muling lalakas ang halinghing ni Mara.*

*Saglit na magdidilim.*

*Magliliwanag muli ang silid – malamlam na liwanag, iyong pang romansa.*

*Nakahalukipkip si Mara sa kama, niyayakap ng mahigpit ang kumot.*

*Lalabas ng banyo si Abe, nakabalot lang ng tuwalya. Tatabi siya kay Mara.*

*May dudukutin si Abe sa loob ng kumot ni Mara –*

*Isang thermometer. Bubuksan niya ang katabing lamp-shade. Titignan ito.*

*Tatayo at may hahalungkatin sa bag.*

MARA : Ilan?

ABE : Forty two.

MARA : Medyo hindi na nga yata horny ito. Lagnat na siguro talaga.

ABE : Lagnat na ‘yan. Sabi ni Nurse Faye, hanggang 39 lang ang libog.

MARA : Ano’ng hinahanap mo?

ABE : Paracetamol.

MARA : Puwede kaya ‘yun?

ABE : Basta daw puwede sa buntis, puwede sa atin.

*May mahahanap na tableta si Abe.*

*Magsasalin siya ng tubig sa baso. Paiinumin niya ng tableta si Mara.*

*Aayos ng pagkakahiga si Mara.*

ABE : Mara. (*Saglit*) Ano’ng gusto mo gawin ko?

MARA : Hindi ko alam.

ABE : Gusto mo ng yakap?

MARA : Oo. Gusto ko sana.

(*Huhubarin ni Abe ang tuwalya at makikisukob sa kumot ni Mara. Yayakapin niya ito ng matinding higpit. Saglit.*) Gusto ko rin ng porno sa tv, Abe.

ABE : Mamaya na.

MARA : Sa Channel 12. Hinanap ko kanina.

(*Kukunin ni Abe ang remote at pipindutin. Maririnig natin ang tunog ng pornograpiya mula sa tv. Babalik sa mahigpit na pagkakayakap kay Mara*) Pasensiya ka na ha. Maya-maya ako ang bahala diyan sa extra-large mo.

ABE : Ok lang. Pasensiya na matigas.

MARA : Gusto ko nga 'yan. Mainit. Wait. (*Sa ilalim ng kumot, hihilahin ang ari ni Abe at iipitin ito sa pagitan ng mga binti niya.*) Huwag ka ma-wirdohan ha – pero puwede bang wag ka muna manlambot, pero huwag ka rin muna labasan? Pump mo ko kung gusto mo, pero huwag ka mag-cum ha.

ABE : Mara naman –

MARA : Tawagin mo akong Meg.

ABE : Mara –

MARA : Huwag ka makulit. Gusto kong maranasan maging asawa mo.

ABE : Meg. Hindi kita ipupump. Magpahinga ka diyan.

MARA : Salamat.

*Hihigpitan ni Abe ang pagkakayakap kay Mara.*

*Ibabaon ni Mara ang ulo sa nakayakap ng mga kamay ni Abe.*

*Hahalikan ni Abe sa ulo si Mara.*

*Katahimikan.*

MARA : May hihingiin ako sa'yo.

ABE : Mamaya na tayo mag-usap. Matulog ka diyan.

MARA : Hindi naman ako inaantok. Sinama lang ng konti. Puwede mo paliwanag sa akin kung bakit hindi mo sinasabi sa akin na bumalik ang sakit mo?

ABE : Mara –

MARA : Sabihin mo sakin, Abe. Gusto ko maranasan.

ABE : (*Bubuntong hininga*) Kasi ayokong naiistress. Ayokong tinatakbo sa ospital maski sinisipon lang. Ayokong natatanong ng kung ano-ano, dahil hindi ko naman alam ang paliwanag. Saka kapag nakikita kitang nagtatanong dahil dapat kang magtanong pero ang isip mo nasa malayo naman, parang gusto ko na mamatay na lang habang nagtatanong ka pa.

MARA : Mahal na mahal mo siya, ano? (*Matatawang bahagya si Abe*) Bakit?

ABE : Kapag matagal na kayong magkasama, minsan hindi na mahalaga ang tanong na ganyan.

MARA : Bakit?

ABE : I don't know. Alam mo iyong feeling na nagmamadali kang pumasok sa opisina tapos kapag nabubuwisit sa traffic, iisipin mo kung bakit ka nagmamadali e wala ka namang appointment sa umaga at lahat sa hapon pa, pero gusto mo pa rin makarating sa opisina at doon tumanga, kaysa dito ka nakatanga sa trapik?

MARA : Parang ganoon?

ABE : Hindi ko rin sigurado. First thing na nasa isip ko. I guess so.

MARA : Naalala mo pa first time kayong mag make love?

ABE : Kumantot?

MARA : Make love.

ABE : Hindi na.

MARA : Ayoko ng maging asawa mo –

ABE : Mabuti naman. Matulog ka na.

MARA : – pero gusto ko maging something –

ABE : You *are* something...

MARA : – habang may panahon pa –

ABE : Sa tingin ko nagdidiliryo ka ng kaunti.

MARA : – kasi naubos ang panahon ko sa iba –

ABE : Ipikit mo lang mga mata mo

MARA : – marami namang panahon para pumikit balang araw, malapit na –

ABE : Mauuna ako sa iyo. Sasabihan kita.

*Saglit.*

MARA : Hindi ako inaantok. Huwag mo sabihin ‘yan.

ABE : Hindi ka inaantok pero languyngoy na ang boses mo?

MARA : Naalala mo ‘yong first time nating kumantot?

ABE : Mag make love?

MARA : Oo.

ABE : Sa Carriedo. Isang lumang motel.

MARA : Kinunan mo ko ng picture noong pababa tayo sa LRT station. Noong tinignan natin sa computer mo, ang ganda ko. Pa-print mo naman. Malaki. Lagay mo sa envelope.

ABE : Ano ba ang trip mo?

MARA : Cute ko kasi dun. Iyon lang ang magandang picture ko.

ABE : Background mo sanga-sangang kuryente at billboard ng Kyowa?

MARA : Alam ko. Pero ang ganda ko kasi. Iyon lang ang magandang picture ko, nasabi ko na ba 'yun? Laging may kasama sa picture, kung maganda man. Iyong ID picture ko, parang nagulat. Iyong graduation picture ko, parang manghuhula sa kapal ng make-up. Kaya print mo. Bibigay ko kay Bea. Kung sakali, iyon ang gusto ko pang-display. Sabi mo kaya, kamukha ako ni Anna Capri doon.

ABE : Ayoko ng usapang morbid.

MARA : Hindi naman morbid. Pump mo ko.

ABE : Isa pa, hindi naman ako kilala ng kapatid mo. Ayoko na. Morbid ka.

MARA : (*Igigiling ang balakang*) Shit naman. Paracetamol ba 'tong pinainom mo sa akin o atiban?

ABE : Matulog ka.

MARA : Sorry ha.

ABE : Bakit?

MARA : Sorry ha, sinamaan ako ng pakiramdam.

ABE : Huwag ka mag-sorry. Matulog ka.

*Magsusumiksik si Mara sa yakap ni Abe.*

*Tanging ang ingay sa porno ang maririnig.*

*Dahan-dahang kukunin ni Abe ang remote at papatayin ang tv. Babalik sa pagkakayakap kay Mara.*

*Tableau. Katahimikan.*

ABE : Gising ka pa?

(*Hindi sasagot si Mara. Mas malakas.*) Gising ka pa, bingi?

(*Nakaidlip na talaga si Mara. Matatawang bahagya si Abe. Kakausapin ang natutulog na kasama.*) Alam mo kung bakit ka maganda doon? Kasi maganda ka sa tingin ko. Maski noon. Ganoon daw iyon, sabi nung kumpare ko na nagtatrabaho sa magazine. Kapag maganda ang tingin mo sa kinukuhanan mo, maganda ang lalabas na picture.

(*Bahagyang gagalaw si Mara*)

Gising ka?

MARA : Para kang may kausap.

ABE : Ano naman ang sinsasabi ko?

MARA : Gusto mo narinig kita o wala akong narinig?

ABE : Wala kang narinig.

MARA : Sige. Wala akong narinig.

*Saglit. Magdidilim.*

*Magliliwanag sa banyo. Maririnig ang malakas na paglagaslas ng tubig sa shower.*

*Sa kama, si Mara ay naka upong nagiinat.*

*Lalabas ng banyo si Abe.*

MARA : Namumula ka.

ABE : Pulang-pula?

MARA : Oo.

ABE : Pulang-pula na dapat ng mag-panic?

MARA : Ok ka lang ba?

ABE : Parang ok lang naman.

MARA : Sa init ng tubig lang siguro.

ABE : Mainit nga.

MARA : Gaano kainit?

ABE : Iyong puwede na magluto ng itlog.

MARA : Baka naluto ang itlog mo.

ABE : Kainin mo ulit.

MARA : May tanong ako.

ABE : Sige.

MARA : Bakit naliligo ka pagkatapos natin mag-ano?

ABE : Hindi ko alam. (*Saglit*) Honestly, hindi ko alam. Nakasanayan lang.

MARA : Ok.

ABE : Bakit?

MARA : Akala ko lang nadudumihan ka dito.

ABE : Saan?

MARA : Sa ginagawa natin.

ABE : Gago. Tignan mo boiled egg ko, o magbibihis na ako?

MARA : Hindi nga, may gana ka pa ba?

ABE : Biro lang.

MARA : Parang ang haba ng naging tulog ko.

ABE : Isang oras ka lang tulog.

MARA : So ganito pala siya.

ABE : Hindi kaya puyat ka lang kagabi?

MARA : Hindi. Saka nanaginip ako.

ABE : Siyempre tulog ka.

MARA : Hindi. Lucid dream. Iyong parang gising ka, pero alam mong tulog ka.

ABE : May ganyan din ako dati.

MARA : Sa chemo din?

ABE : Hindi. Sa unang gamot.

MARA : Nakakalito ano? Hindi ko alam kung dapat ba akong maging pagod o dapat maging energetic.

ABE : Sabi ni Nurse Faye, kapag lucid dream daw parang tumitigil ang panahon. So dapat daw pagod ka.

MARA : Nagbabasa ng mga dreams si Nurse Faye?

ABE : Hindi. Nasa listahan ng mga side-effect. Basahin mo kasi ang outpatient form mo paminsan-minsan.

MARA : Pagod nga siguro ako.

ABE : Mukha namang energetic ka.

MARA : Pero ang pepe ko pagod.

ABE : Tinira kita?

MARA : Ha? Oo. Ano ba. At nasarapan ako. Sana mamaya rin. Kapag nakabawi ka na.

ABE : Hindi. Sa panaginip mo?

MARA : Oo. Tumigil ang panahon sa sarap.

ABE : (*Matatawang bahagya*) Sira.

MARA : Hindi. Seryoso. Tunigil ang panahon at nakalimutan ko rin ang pangalan ko. Hindi ba kanina inipit ko iyang iyo. Nakatulog ako na iniisip 'yun e – kung bastos ba akong babae at iniipit ko sa singit ko ang titi ng isang lalaki bago matulog. Tapos lumaki ng lumaki iyang iyo. Kasing laki ng tangke ng gasul. 'Di bukakang-bukaka ako. Sabi ko, hindi ko 'yata kaya 'yan. Sabi mo, magpatawa ka. Nag try ako mag-isip ng joke, pero wala naman akong maalala. Kinuwento ko na lang iyong naglalakad tayo papunta sa sakayan sa amin noong sinundo mo ako ng sobrang aga. Madilim pa noon, pero may mga ibon ng humuhuni. Hindi siya nakakatawa pero ang peaceful kasi. Sabi mo, nalilito pa ang mundo kung araw na nga ba o gabi pa. Hinawakan mo ang kamay ko noon pero nilayo ko. Tapos sabi ko bakit nga ba hindi, ako na ang humawak sa kamay mo. Sa sakayan maraming ng tao. Bumalik na tayo sa mundo. Pero iyong maikling kalasada sa pagitan ng bahay namin at kanto, na tayo lang, habang madilim pa pero may humuhuning mga ibon, tingin ko mundo lang natin ‘yun. Sinilip ko pa bago tayo

sumakay ng taksi. Kaya iyon ang naisip kong ikuwento. Nung tignan kita, katabi mo si Bea. Sabi mo sa kanya, oo tinitira ko ang ate mo. Tawang-tawa ang gaga. Sabi niya, alam ko naman po. Tapos sabi mo sa akin, o ano ang sabi ko? Hindi ba alam niya? Tapos napansin ko iyang sa iyo, normal na ang laki. Kaya sabi ko, Beatrice, wait. Tapos kumandong ako sa iyo. Syet, ang sarap hiyaw ko. Syet, ate, hindi ka na virgin. Magagalit sa iyo si mama natin. Twenty years ng patay ang mama natin – kaya nga hindi na ako nakapag-asawa, kaya nga hindi na ko nagkaroon ng oras sa sarili ko dahil bata ka pa kailangan kitang tignan. So ngayon malaki ka na, graduate ka na, patira lang ng patira. Para 'di ka maging tulad ko. Basta mag condom ka. "Books before boys because boys bring babies" sabi mo. 'Tangina tawa ako ng tawa. Tapos nag pump kang pataas. 'Tangina siyempre 'di ba, nakalimutan ko na iyong usapan natin. Kasi sinasagad mo na naman. Kapag sinasabi ko kasing huwag mo sagarin lagi mong sinasagad lalo. Tinulak mo ako. Nasa Cubao na tayo. Sa terminal ng bus. Tapos tinitira mo pa rin ako. Sumakay tayo ng bus, tinitira mo pa rin ako. Papuntang Baguio ang bus. Noong nasa Tarlac na tayo, lumaki na naman ng parang gasul iyang titi mo. Kaya kumain muna tayo ng mais doon sa stop over. Nung pagbalik natin, sabi ng kundoktor ang laki ng iyo hindi tayo puwedeng sumakay. Kaya pinasok niya tayo dun sa lagayan ng bagahe. Tapos natulog ka. Ako naman kinausap ko na lang iyang sa iyo. Kasing laki kasi ng gasul, so iyong ulo niya mukhang ulo ng panda. Iyong butas na labasan ng tamod, parang naka smile. Nag-usap kami. Kinuwento ko iyong mga nakaraang araw sa opisina nung pinag kaha nila ako. Iyong nanlabo ang mata ko minsan kaya akala ko nakawala ako ng pera tapos

nung tinulungan ako nung bisor ko na maghanap nakita namin na napagpatungan ko lang pala ng stapler sa mesa ang two thousand, saka ‘yung coronation night nung naging Miss Intramurals ako nung bata pa ako.

ABE : Tapos?

MARA : Ayon nagising ako, tapos tsinupa kita tapos nag sixty-nine tayo.

*Saglit.*

ABE : Ako yata ang napagod sa haba ng panaginip mo. Isang oras ka lang naman tulog.

MARA : Sabi ko nga mahaba, ‘di ba?

ABE : Paano mo naman nasabing tumigil ang panahon at nakalimutan mo kung anong pangalan mo?

MARA : Kasi nung tinitira mo ako, tinanong mo ako kung anong oras na. Sabi ko, hindi ko alam. Tumingin ako dun sa wall clock, hindi gumagalaw ang mga kamay- maski ang second hand. Tinanong mo rin ako kung anong pangalan ko.Tapos hindi ko matandaan. Kaya naisip ko, naku sa sobrang nasarapan pala ako, hindi ko na matandaan kung anong oras na saka tumigil ang panahon. Ayun kantot ka lang ng kantot at nilabasan ako ng dalawang beses tapos ngumiwi ang mukha

mo at umatungal ka na parang nagsusuka taspos tumakbo ka sa banyo. Tinatanong kita kung ok ka lang tapos iyong sagot mo, sigurado akong nagising na ako. Sumusuka ka pala talaga. Andirito na ulit ako.

(*Saglit*) So, ok ka lang ba?

ABE : Ok na.

MARA : Sana naman hindi ka ma-pressure sa panaginip ko. Saka sa size mo. Extra large ka naman talaga yata maski hindi kasing laki ng tangke ng gas.

ABE : Hindi naman ako insecure sa titi ko.

*Tatabihan ni Abe si Mara sa kama.*

*Ikakandong niya ito sa kanya.*

MARA : Ang pula mo.

ABE : Mestiso kasi.

MARA : Hindi. Maitim ka.

ABE : Sorry ha.

MARA : Bakit sorry?

ABE : Kasi sa totoo lang nanghihina pa ako.

MARA : Nilabasan na ako ng tatlong beses.

ABE : Maghugas ka. Baka mangamoy ka na naman tulad last week.

MARA : Infection ‘yun sira.

ABE : Sa akin kaya galing ‘yun?

MARA : Hindi. Sabi ni Nurse Faye, mahilig talaga tayo sa infection. Nag test din kami. Hindi naman nakakahawa

ABE : Hindi nga ba talaga?

MARA : Bakit nahawa ka ba?

ABE : Hindi.

MARA : May reklamo ba si Meg?

ABE : Bibihira na kami mag sex.

MARA : Malibog ‘yun diba?

ABE : Oo.

MARA : Hindi nagagalit?

ABE : Hindi sa harap ko.

MARA : Anong ibig mong sabihin?

ABE : Hindi makukuha noong magreklamo sa harap ko.

MARA : Ang arte mo rin.

ABE : Hindi ka na magagalit kung patay na.

MARA : (*Pabirong susuntukin sa dibdib si Abe*) Ayoko ng mga ganyang biro.

ABE : Halikan mo nga ako.

MARA : Ayoko.

ABE : Halikan mo. Now.

MARA : Ayoko kasi hindi ko gusto ang biro mo.

*Mariing hahalikan ni Abe si Mara.*

*Matagal at marubdob ang paghahalikang ito.*

*Tila maaalalang galit siya, magsisimulang magpumiglas si Mara.*

*Itutulak niya si Abe hanggang siya ay nasa kabilang bahagi na ng kama.*

MARA : Ang pangit ng lasa.

ABE : Nagsipilyo ako.

MARA : Ng biro mo. Ayoko talaga ng mga salitang ganyan.

ABE : Matagal na akong patay. Ikaw rin matagal ka ng patay.

MARA : (*Bubukaka, ipapakita ang guhit sa panty*) May patay bang namamasa ng ganito?

ABE : Tanga. Alam mo ang ibig kong sabihin.

MARA : Diyos ko, buhay na buhay ako kapag kasama ka. Pati kaloob-looban ko nanginginig. Tapos magbibiro kang patay. Ikaw ang patay. Patay ang titi mo. ‘Tangina.

ABE : Ayan ang hindi patay. Mamaya gigising ‘to. Bigyan mo ng panahon. Ako ang patay.

MARA : Fuck you.

ABE : Akala mo ba pareho pa rin? Tatlong taon na.

MARA : Ang arte mo.

ABE : Tatlong taon na. Hindi naman ako matalinong tao, pero alam mo may mga naiintindihan din ako. Noong una, siyempre nalulungkot siya. Alam mo bang isang linggo ‘yung umiyak? Alam mo bang sinasamahan ako nun lagi sa ospital? Matagal. Matagal din. Isang buwan. Dalawang buwan. Kalahating taon. Isa’t kalahating taon. Hindi mo nga mapapansin. Biglaan din. O baka hindi biglaan. Masyado akong busy. Masyadong busy sa putanginang pagtatrabaho habang nagpapaganito. Basta ang alam ko, na-promote siya sa trabaho. Ang daming pagbabago. Exciting ang buhay niya. Nagiging gaya lang ng dati kapag sinasama talaga. Noong trinangkaso ako ng dalawang linggo, ayun parang gaya din ng

dati. Pero iyon lang 'yun. Pagkatapos, kapag magkukunwari na ako na ok lang ang lahat, normal lang ang lahat, ayun balik sa lamig. Balik sa dati. Dahil patay na ako sa isip niya hindi pa lang niya alam.

(*Saglit*) Mararamdaman mo rin 'yan sa kapatid mo kapag nagtagal. Paraan nila 'yan para mabuhay. Hindi dahil sa napuputol na lahat ng nararamdaman para sa iyo. Pero hindi sila puwedeng mabuhay na walang iniisip kung hindi tayo lang. Ibang klaseng buhay ito. Noong nangyari sa atin ito, namatay na tayo. First step, pero isang klaseng kamatayan din 'yun.

*Katahimikan.*

MARA : Ayokong mamatay.

ABE : Bumukaka ka. (*Hindi bubukaka si Mara. Si Abe ang magbubukaka ng mga binti niya. Hahawiin ang panty at didilaan ito.*) Gusto kitang inumin. Magpalabas ka lang.

MARA : Baka may amoy.

ABE : Wala akong pakialam.

MARA : Baka may impeksyon. Baka mangati ang dila mo.

ABE : ‘Tangina, sa kung anong meron tayo magaalala pa ba ako kung mangangati ang dila ko?

*Magpapaubayang tuluyan si Mara.*
*Saglit na magdidilim habang parubdob ng parubdob ang pagbrotsa sa kanya ni Abe.*

*Saglit na magdidilim.*

*Magliliwanag sa kama lamang.*

*Nakaupo sa kama si Abe.*
*Nakayakap sa kanya si Mara.*

*Tunog ng telebisyon.*
*Pareho silang nakahubo at nababalot ng kumot. Hinihimas ni Mara ang ari ni Abe sa ilalim nito.*

MARA : Minsan subukan din nating magkita sa normal?

ABE : Paanong normal?

MARA : Kumain sa labas. Ganoon.

ABE : Kumakain naman tayo sa labas.

MARA : Hindi sa canteen ng ospital. Hindi sa Jollibee. Date. I-date mo ako.

ABE : Bakit?

MARA : Para maranasan kong makipag-date.

ABE : Nililigawan ka nung kasama mo sa bangko, ‘di ba?

MARA : Oo.

ABE : Hindi ba date ‘yung sa inyo?

MARA : Oo. Pero hindi ko naman gusto.

ABE : Ayoko ng ganyan.

MARA : Nilunok ko tamod mo tapos ayaw mo ‘kong i-date?

ABE : Nilunok mo?

MARA : Oo. ‘Di ba?

ABE : Yuck.

MARA : (*Matatawa, hahampasin sa dibdib si Abe*) Basta. Gusto kong maranasan ang date na kasama ka?

ABE : Lokohan lang naman ang mga date.

MARA : Ayoko ng lokohan.

ABE : Kaya nga. Huwag na date. Nakikipagbolahan na ako sa totoong buhay. Hindi ko na kailangan.

MARA : Sige. Huwag na tayo magbolahan. (*Saglit*) Masakit pa rin ang ulo mo?

ABE : Medyo. Walang bola.

*Saglit.*

*Kukubabawan ni Mara si Abe.*
*Sisimulang supsupin ang utong nito.*

MARA : Kaya mo pa?

ABE : Hindi na puwede ang kasing-libog mo sa edad ko. Dalawa na. Sagad ko na ‘yan.

MARA : Parang matigas pa.

ABE : Malapit na matapos oras natin.

MARA : Gusto ko labasan ka sa loob ko.

ABE : Safe ka ba?

MARA : Sa kung ano ang meron tayo, magaalala pa ba ako kung safe ako?

ABE : Mahirap na.

MARA : Walang kahirap-hirap. Buntisin mo ‘ko, Abe.

ABE : Umalis ka nga diyan.

MARA : Ayoko.

ABE : Puro pasa ka na. Para ka ng binugbog.

MARA : Gusto ko naman.

*Masuyong hahalikan ni Mara si Abe.*

*Matagal silang maghihimasan at maghahalikan.*

*Maya-maya'y matigas na ang ari ni Abe.*

*Papatungan siya ni Mara, at gigiling ito.*

*Sa sandaling panahon, magniniig sila passionately.*

*Titigil si Abe. Hihingi ng paumanhin – nilalambutan siya.*

*Bubulungan siya ni Mara na ok lang, huwag masyado isipin.*

*Patuloy na roromansahin ni Mara si Abe, pero nawalan na ito ng gana.*

*Saglit.*

*Itutulak ni Abe si Mara at magtatangkang lumayo.*

*Hindi susuko si Mara - roromansahin niya ang kapareha sa utong habang binabate ang ari nito.*

*Matagal mang tumalab, maya-maya'y tila titigasan ito.*

*Marahas siyang itutulak na padala ni Abe.*

*Titirahin ng patalikod. Pinauulit-ulit ni Mara ang "buntisin mo ako."*

*Mabilis lang ay lalabasan agad si Abe.*

*Saglit. Hihiga silang parehong hinihingal.*

*Hihigipitan ni Mara ang yakap kay Abe.*

ABE : Nakakahiya.

MARA : Masarap?

ABE : Ang sensitive ng nipple ko ngayon.

MARA : Sa steroid 'yan.

ABE : Talaga?

MARA : Biro lang. Hindi ko alam. Nasarapan ka ba?

ABE : Wala na tayong panahon. Saan ba nanggaling iyang mga kalokohan mo?

MARA : (*Ituturo ang ibabaw ng kama*) Sa iyo lang 'ata ako magiging ganito.

ABE : Hanap ka ng iba kapag hindi na uubra.

MARA : Ayoko isipin 'yan. (*Saglit*) Pero ikaw din. Hanap ka rin ng iba kung wala na.

ABE : Letse. Kilabutan ka nga. Kilabutan nga tayo. (*Saglit*) Alam mo noong hindi pa ako ganito, mahusay din naman ako sa kama.

MARA : Ang dami mong kuwento palagi nung hindi ka pa ganito.

ABE : Mahusay naman talaga. Matagal kasi akong labasan kapag may condom. Kaya naglalagay ako ng condom at hindi ko hinuhubad for mga forty-eight minutes?

MARA : Forty-eight talaga? Hindi forty-seven o forty-nine? Forty-eight talaga?

ABE : Oo. May timer ako.

*Matatawang bahagya si Mara. Hahampasin sa dib-dib si Abe.*

MARA : Huwag mo na ako patakamin. Nakuha mo kong virgin. Pasalamat ka. (*Saglit*) Masaya ako sa'yo maski anong kaya mong gawin. Maski anong kaya ko ring gawin.

ABE : Mauubusan tayo ng oras niyan.

MARA : Hindi naman kailangang madaliin.

*May napakalakas na pang-ring ng telepono.*

*Unti-unting magliliwanag ang ibang bahagi ng silid.*

ABE : Check out na. Sabi ko sa'yo mauubusan tayo ng oras.

*Katahimikan.*

*Magbubukas ang pinto.*

*Tatayo sila para magsimulang magbihis at magligpit ng gamit.*

**-oOo-**

## EPILOGUE

*Reprise ng unang eksena –*

*Sa pagitan ng usapan nina Mara at Abe, uulitin ng mga tagalinis ang ginawa kanina – sa halos parehong paraan. Gagawin nila itong parang nasa ibang panahon sa ating mga tauhan.*

ABE : Papasok ka rin mamaya?

MARA : Sayang naman.

ABE : Papasok rin ako mamaya.

MARA : Mabait sila sa opisina, pero ayokong sagarin.

ABE : Ayokong makahalata sila sa amin.

MARA : Mag-aasawa na ang kapatid ko.

ABE : Tumingin kami noong isang araw ng bagong sasakyan. Sabi ni Meg, bibilhan daw siya ng bagong sasakyan ng opisina niya. Sa dealership, sabi niya parang nakakaguilty daw na bibili siya ng bagong sasakyan samantalang naubos na nga ang savings namin sa unang beses akong nagkasakit. Sabi ko, wala ka namang gagastusin. Sabi niya, manghingi na lang kaya siya ng dagdag na suweldo. Sabi ko, huwag mong gagawin 'yun. Wala pa rin akong sinabi sa kanya sa kung anong nangyayari. Ulit.

MARA : Matagal ng may naghahatid dun kay Bea. Mukha namang mabait na bata. Kasamahan niya sa trabaho. Sa tingin ko, matagal ng sila, pero hindi sinasabi sa akin –

ABE : Mamaya may isang dosena akong kumpromiso sa opisina –

MARA : Saka ang PTA meeting, sabi mo.

ABE : Saka ang PTA meeting. Tama.

MARA : Mamaya may praktis sila ng sayaw sa anibersaryo ng branch namin –

ABE : Mamaya may party kami ng father's day. Sinama ako sa regalo nila sa department – pero sinama rin ako sa mga siningil ng panregalo. Ganoon yata talaga.

MARA : Mamaya may hahanapin ako. May matagal na akong gusto bilhin –

ABE : Mamaya hindi sasama ang pakiramdam ko –

MARA : Mamaya magiging bata ulit ako. Magiging bata ulit kami. High school. May manliligaw ako noong high-school. Hindi ko matandaan ang pangalan. Papansinin ko. Hindi ko gaano pinapansin 'yun. Hindi ko nga alam ang pangalan. Hindi ko talaga pinapansin. Magiging kami. Magaaral kami. Magkakaroon ng buhay na kami –

ABE : Mamaya ay makikita ko si Meg, maraming taon mula ngayon. Makikita ko siya na nagkaroon ng mga bagay na hindi ko na kayang ibigay sa kanya. Masaya ang buhay niya. Mag-isa lamang siyang tumatanda – sa tingin ko ganoon ang gusto

niya. Maski ngayon, sa panahon ngayon, iyon ang ramdam ko. Gusto niya maging mag-isa. Ayaw niya ng bigat –

MARA : Mamaya. Kapag alis natin dito.

*Matatapos ang kanilang ginagawa, lalabas ang dalawang tagalinis.*

ABE : Kelan mangyayari ‘yon?

MARA : Sa isang linggo ulit.

ABE : Mamaya?

MARA : Mamaya ulit.

ABE : Ayoko.

*Matagal na katahimikan.*

*Tableau.*

*Magdidilim ng tuluyan para sa pagwakas ng dula.*

**WAKAS**